Makaka-apekto ba sa aking pagiging "green card holder" o "U.S. citizen" kung ako'y makinabang sa mga benepisyo?

Magandang Balita! Ayon sa INS:

Kung wala kang green card

Hindi makakaapekto sa iyong aplikasyon para green card:

Kung ikaw at iyong mga anak o miyembro ng pamilya ay gumamit ng…

- HEALTH CARE, tulad ng: Medi-Cal, Healthy Families, WIC, prenatal care, at iba pang libre o murang medical care.
- Food Programs, katulad ng: Food Stamps, WIC, school Meals at iba pang asistensya sa pagkain.

Iba pang programa na nagbibigay ng serbisyo katulad ng public housing, disaster relief, childcare services, job training, transportation vouchers.

Makaka-apekto sa iyong Pagkuha ng "green card" Kung ikaw ay…

NAKINABANG

- Sa CASH WELFARE, tulad ng: CalWORKs, Supplemental Security Income (SSI) General Assistance (GA), Cash Assistance Program for Immigrants (CAPI)
- Kung ang tanging pinagmulan ng iyong kinikitang pera ay galing sa cash welfare ng iyong mga anak o ibang miyembro ng pamilya
- Kung ikaw ay nasa NURSING HOME at iba pang LONG-TERM CARE na binabayaran ng Medi-Cal o iba pang ahensya o pundo ng gobyerno.

Tumawag sa telepono sa likod nitong aklat kung may iba ka pang gustong malaman

Kung ikaw ay biktima ng PAG-AABUSO

at ikaw ay nag-"self-petition" sa ilalim ng Violence Against Women Act (VAWA), ang paggamit mo ng cash welfare at iba pang serbisyo ay hindi makaka-apekto sa iyo.

Kung ikaw ay REFUGEE o ASYLEE

Maari kang makinabang sa ANUMANG benepisyo, tulad ng cash welfare, health care, food programs at iba pang serbisyo at yan ay hindi makaka-apekto sa iyong pagkakaroon ng "green card."

Anong Epekto sa aking Immigration Status ng mga Benepisyo?

Kung ikaw ay meron ng "green card"

☺ HINDI makaka-apekto Sa green card:

Kung IKAW at iyong PAMILYA ay Nakinabang sa:

- HEALTH CARE, FOOD programs at iba pang NON-CASH programs
- CASH WELFARE
- LONG-TERM CARE

😐 Pero MAGKAKAROON Ka ng problema:

Kung…

- Umalis ka ng U.S. **mahigit sa 6 na buwan** tuloy-tuloy at ikaw ay gumamit ng "cash welfare" o "long-term care"
- Kung **minsan,** maari ring maka-apekto kung ikaw ay gumamit ng cash welfare o long-term care sa unang 5 taon mo sa U.S., na ang dahilan ay dating sakit o karamdamang nariyan na na bago ka pa pumasok sa U.S.

Kung ika'y nag-aaply ng U.S. citizenship

HINDI makakaepekto sa iyong pag-aaply kahit ika'y nakinabang ng benepisyo katulad ng cash welfare, health care, food programs at iba pang non-cash programs.

Kung nais mong mag-sponsor

Kahit ikaw ay gumamit ng benepisyo: cash welfare, health care, food programs, at non-cash programs, maari ka pa ring mag-sponsor ng kamag-anak sa U.S., Kaya lamang, ipakita mo at ng iyong "co-sponsor" na may sapat kayong kita para sa suporta ng iyong kamag-anak.

PARA SA IBA PANG IMPORMASYON:

SA NORTHERN CALIFORNIA

Services Immigrant Rights & Education Network
Immigrant Assistance & Information Line

(408) 286-1698	Spanish
(408) 286-1448	Vietnamese
(408) 286-5680x108	Farsi
(408) 286-5680x109	Chinese

SA SOUTHERN CALIFORNIA

Coalition for Humane Immigrant Rights of Los Angeles

(888) 6-CHIRLA Spanish

Asian Pacific American Legal Center

(800) 520-2356 ---Mandarin/Cantonese
(800)267-7395---Vietnamese

Adapted from a flyer developed by the Asian Pacific American Legal Center for the ***California Immigrant Welfare Collaborative,*** *a joint project of:*

Coalition for Humane Immigrant Rights of Los Angeles ❖ National Immigration Law Center ❖ Services Immigrant Rights & Education Network ❖ Asian Pacific American Legal Center